

1

Pinagmasdan ni Abbie ang mga kapwa niya pasaherong hindi magkandaugaga sa paghawak kung saan dahil sa lakas ng alon. November at madalas ang bagyo sa dakong iyon ng Bicol. Isang malakas na alon ang humampas sa ferryboat. Napahawak siya sa sandalan ng upuan sa unahan niya.

She hid a smile. How she missed this feeling, the salty air caressing her face and the big blue sea just within her reach. “Tulungan na kita, ” alok niya sa isang ina na kalong ang dalawa nitong anak. Tantiya niya ay wala pang isang taon ang bunso at ang panganay ay nasa tatlong taon na.

“Salamat, Miss.” Iniabot nito sa kanya ang batang hindi na tumigil sa pag-iyak mula nang umusad ang ferry. Naiwan dito ang sanggol na mabilis nitong inayos ang pagkakabuhat.

“Tahan na,” alo niya sa bata. Naupo siya sa tabi ng ina nito at kinalong ito paharap sa kanya. Hinaplos niya ang likod nito. “Ano’ng pangalan mo?” tanong niya.

Sumisinghot-singhot pa ito nang sumagot. “Yan-

Yan...” anito pagkatapos ay isinubsob ang mukha sa kanyang dibdib.

Iniangat niya ang mukha nito at matamis na ngumiti rito. “Bakit ka ba umiiyak?”

“Takot ako sa dagat...” Humihikbi pa rin ito. “Ayaw ko sa alon.”

“Alam mo ba na mas maganda na harapin mo ang mga bagay na kinatatakutan mo?” she said in her softest voice.

“Ayaw!” Mabilis itong umiling at yumakap sa leeg niya.

“First time lang niyang nakasakay sa ganito, Miss, kaya takot na takot,” paliwanag ng ina nito na nasa tabi niya.

“Ako si Abbie,” nakangiti niyang pagpapakilala.

“Alma.” Ngumiti rin ito sa kanya.

Binalingan niya ang bata at muling nagsalita. “Listen to Tita Abbie. Di ba, big boy ka na?”

Alanganin itong tumango.

“Eh, di dapat strong ka na para mabantayan mo ang mommy mo saka ’yung baby n’yo. Pero para maging strong, you should face your fears,” marahan

niyang paliwanag dito.

“Takot ako.” Hinarap siya nito at humikbi-hikbi.

“Let’s go there.” Itinuro niya ang unahan ng ferry kung saan may ilang taong nakatunghay sa nagngangalit na dagat. “We will watch the sea, but don’t worry—I’ll be with you, di kita bibitawan.”

Alanganin siyang tiningnan ni Yan-Yan. “Di mo ko iwan?” Doubt was in his round eyes.

She smiled tenderly. “Promise.”

Tiningnan muna niya si Alma, at nang tumango ito ay maingat na niyang kinarga ang bata.

“Open your eyes.” Nakaharap sila ni Yan-Yan sa dagat. Bumubula ang tubig sa sobrang lakas ng alon.

Dahan-dahan nitong iminulat ang mga mata. His eyes were suddenly filled with horror nang makita ang isang malaking alon na tila sila ang puntirya.

“Take a deep breath, and be ready to go up and down.”

Kasabay niyon ay ang pag-indayog nila. Dinala ng alon ang ferry pataas at pababa. Sinabayan niya ang galaw katulad ng itinuro ng daddy niya noong

maliit pa siya. Tiningnan niya sa Yan-Yan, tila hindi ito makapaniwala sa nangyari.

“It wasn’t that scary!” May ngiting sumilay sa mga labi nito.

Napangiti siya. “And it wasn’t so bad, was it? Look, there’s another one!” Kumapit ulit siya. “Deep breaths... and go with the wave,” she reminded.

At iyon nga ang ginawa nila.

Napahalakhak ang bata. Tuwang-tuwa ito na tila nakasakay sa isang ride sa amusement park. It was what she felt when she was little, too. Together with her father. Dahil sa sandaling paglalakbay ng isip ay hindi niya napansin ang isang malaking alon na paparating. Huli na nang muli niyang subukang abutin ang barandilyas.

Parang slow motion na nakita niya ang dahan-dahang pagbagsak nila. Papalo ang ulo ni Yan-Yan sa barandilyas. Walang pagdadalawang-isip na kinabig niya ito upang ang likod niya ang tumama. Ngunit sa halip na matigas na kahoy ang tumama sa kanya ay isang matipunong katawan ang sumalo sa kanila. Nakayakap ang kamay ng estranghero sa baywang niya at ang isang kamay nito ay nakasuporta sa likod ng bata. Hinintay muna nitong kumalmang muli ang

dagat bago sila binitawan.

“How irresponsible,” narinig niyang sabi nito in his baritone voice.

Sapat na iyon upang maputol ang kakaiba niyang nararamdaman sa pagkakadaiti ng likod niya sa katawan nito.

“Are you okay?” Nababahala niyang tiningnan ang bata.

Nakangiti ito. “I’m fine.” Tila natuwa pa ito sa rush ng muntikan nilang pagkapahamak.

Niyakap niya ito at nilingon ang kanilang tagapagligtas.

Nahugot niya ang paghinga. First look at his face and she could easily tell that he was the most beautiful man she had ever laid her eyes on. Mahaba ang buhok nito, and it was a dark shade of brown na basta na lang itinali sa likod. His skin was sun-tanned, his eyes bluish-gray, so deep that it took her a while para bawiin ang paningin dito. He had a patrician nose, perfectly shaped that it matched his thin, firm lips.

What the hell? himutok niya sa sarili.

She never studied any man’s features this way

before. Foreign or not. She simply didn't care in the past. Pero iba ang hatak ng estrangherong ito sa kanya. It was enough to scare her. Almost.

"A simple 'thank you' would suffice," naiiritang saad nito.

It cut right through her at bumalik siya sa realidad.

"T-thank you," she said sincerely, ignoring the coldness in his voice.

"Be mindful next time, especially with a child in your arms." Puno ng akusasyon ang mababa nitong tinig.

But his accent got her attention more. So beautiful, it sounded almost royal.

"I was..."

"I'm not asking for an explanation," pakli nito. "You don't owe me any." Iyon lang at tumalikod na ito without looking back.

She was bewildered. Hindi man lang niya ininda ang sarcasm nito. All she could perceive was the man's wild appeal. Rugged and classy. How ironic!

"Kilala mo siya, Tita?" untag ni Yan-Yan.

Napakurap-kurap siya, sandaling nakalimutan na karga niya ang bata. She smiled again. “No, Baby. Let’s go inside. Baka hinahanap ka na ng mommy mo.”

Isang oras pa silang nasa dagat bago dumaong ang ferry sa *San Carmen Port*. Galing doon ay aarkila siya ng tricycle papunta sa San Isidro. Puwede siyang magpasundo pero walang nakakaalam na darating siya. Ayaw niyang maging sentro na naman ng usapan. Napailing siya, ayaw nang balikan ang masasamang alaala na nagbabadya sa isip niya.

“Manong, magkano ho hanggang San Isidro?” tanong niya sa tricycle driver na nasa pila.

Tumingala ang driver at pinagmasdan ang madilim na kalangitan. “Naku, Miss, hindi na kami bibiyahe papunta doon ngayon. Masama ang panahon at baka umapaw ang ilog sa tulay.”

“Hindi pa naman ho umuulan. At babayaran ko ho kayo kahit doble,” pangungumbinsi niya.

Walang ibang paraan para makarating sa San Isidro. Walang car rental sa kinarororonan niya. At kahit piliin niyang magpasundo ay hindi rin niya magagawa dahil drained na ang battery ng cellphone

niya. Sobrang abala kung ngayon pa siya maghahanap ng landline para makitawag.

“Mayamaya lang ay uulan na. Tiyak na mai-stranded ako sa San Isidro pag inihatid ki—” Bigla ay pinagmasdan siya ng matabang driver. “Di ba ikaw’yung anak ni Don Dominer?” Kumunot ang noo nito at biglang namutawi ang malisyosong ngiti sa mga labi.

Time to go! babala niya sa sarili. “Salamat na lang ho.” Mabilis na siyang tumalikod.

“Teka lang! Gusto mo bukas na kita ihatid? Wala akong kasama sa bahay,” pahabol nito at binuntutan iyon ng maharot na tawa.

Hindi niya ito pinansin. Tuluy-tuloy siyang naglakad papalabas ng *San Carmen Port* hila-hila ang malaking maleta.

“Abbie! Sabay ka na sa amin.”

Nilingon niya ang pinanggalingan ng tinig. Si Alma, nakasakay sa owner-type jeep.

“Saan kayo?” tanong niya nang huminto sa tapat niya ang sasakyan.

“Sa San Isidro. Ikaw, saan ka ba dederecho?”

Nakita niyang dumungaw galing sa likod na upuan si Yan-Yan at nginitian siya.

Kinawayan niya ang bata bago muling hinarap si Alma. “Sa San Isidro din.”

“Asawa ko nga pala, si Matteo,” pagpapakilala nito sa nagmamaneho nang makasakay na siya.

Nakita niyang tinanguan siya ng lalaki sa rear view mirror. Ganoon din ang ginawa niya. Katabi niya si Yan-Yan na nakaupo sa likod.

“Matagal na ba kayo sa San Isidro?” tanong niya. Halos kilala niya lahat ng tao sa bayan nila dahil hindi iyon kalakihan.

“N’ung nakaraang buwan lang ako dumating dito. Na-assign kasi ako dito ng pinagtatrabahuhan ko. Nagustuhan ko ang lugar, tahimik at walang polusyon kaya niyakag kong dito na lang kami tumira ng pamilya ko.” Si Matteo ang sumagot.

Natahimik siya. Tama ito. Talagang napakaganda ng bayang kinalakhan niya. Napapalibutan ito ng tubig. Ang malalaking puno at ligaw na halaman sa paligid ay nakadagdag sa mala-paraiso nitong hitsura.

She smiled bitterly. *The place is perfect indeed.*

But the people who lived there were definitely

not. They ruined her. There was one time when she swore she would never set foot on this God-forsaken place again. But incidents changed it. She sighed.

“Saan ka sa San Isidro, Abbie?” pukaw ni Alma.

Nilinga niya ang paligid. Nasa lupain na sila ng mga Arevalo. Ang susunod doon ay ang rancho na nila. Ayaw niyang bumaba roon. Makikita siya ng mga tao sa entrance pa lang ng gate at tiyak na wala pang isang oras ay makakarating na sa lahat ang pagdating niya. Bukod doon, ayaw niyang malaman nina Alma at Matteo kung sino siya.

Isinuot niya ang oversized shades, ipinulupot ang scarf sa leeg at inayos ang body-hugging jacket. “Dito na lang ako Matt, Alma.”

Ipinara ni Matt ang jeep kaya nakita niya ang mabagal na pag-overtake ng isang itim na *Ford Everest*. Nakababa ang bintana niyon kaya nakita niya ang nagmamaneho na nakatingin sa kanya.

Ang lalaking nagligtas sa kanila kanina. Sandali siyang natigilan bago inilayo ang tingin dito at hinarap si Alma.

“Salamat sa paghatid,” aniya at hinalikan si Yan-Yan sa noo.

“Tawagan mo ako habang nandirito ka, Abbie. Ikaw lang ang kakilala ko dito.” Iniabot ni Alma sa kanya ang isang calling card. Nakita niyang nakapangalan ito kay Matteo. “Wala akong calling card,” natatawa nitong dagdag.

Natawa na rin siya at kinawayan ang mga ito. Tumuloy siya sa lagusan patungo sa likurang gate ng rancho. nag-iingat na walang makakita sa kanya.

Habang binabaybay ang daan na kabisadong-kabisado niya ay bumalik sa isip niya ang estranghero. Why did he look at her like she was some kind of criminal? His piercing eyes were accusing and cold but at the same time captivating. Ipinilig niya ang ulo. She should not waste her time thinking of some random guy, and its not like they were going to meet again, anyway. Binilisan niya ang paglalakad.

“*Wyler Property*,” mahinang basa niya sa nadaanang kalsada na nagpakunot sa noo niya. Ang alam niya ay pag-aari ng mga Arevalo ang lupang tinatahak niya.

“Arevalo, del Tierro, Murillo,” bulong niya sa sarili.

Sila ang tatlong pinakamayayaman sa lugar na iyon. Magkakasunod lang ang mga lupain. Siya ay

isang del Tierro at ang property na sumunod ng sa kanila ay sa mga Murillo—a political family. Nagkibit-balikat siya. Ilang taon na ba ang nakakaraan mula nang huli siyang umuwi? Tatlo, apat na taon?

Marami nang maaaring nagbago. Baka naibenta na ng mga Arevalo ang kalahati o bahagi ng property nito. Sa tatlong pamilya ay ito ang pinakamayaman. Halos kalahati ng laki ng lupain ng mga ito ang pinagsamang lupain nila at ng mga Murillo. Huwag nang idagdag na sa mga Arevalo rin nakatapat ang pinakamagandang bahagi ng beach sa islang iyon.

“Abbie! Ikaw nga ba?” anang yaya niya na muntik nang himatayin sa bigla niyang pagsulpot sa dirty kitchen.

“Ako nga po,” natutuwa niyang sagot at hinayaan ito na mahigpit siyang yakapin.

“Ang akala namin ay hindi ka talaga uuwi. Aba’y bukas na ang kasal ng daddy mo, ah.” May hinampo sa tinig ng matandang katiwala.

“Puwede ba ’yun, Yaya? Di ko pa nga ina-approve ’yung bebot ni Daddy, eh,” biro niya at pilit itinago ang disgusto sa nalalapit na kasal.

“Kuu, eh, para namang may magagawa ka. Alam mong walang nakakabali sa desisyon niyang ama mo.” Pagkuwa’y tinawag nito ang mga katulong at ipinadala ang mga gamit niya sa kuwarto.

Tango lang ang iginawad niya sa mga katulong na halatang nagulat sa pagdating niya. Bago ang mga ito at hindi niya kilala. Tanging si Yaya Lory na lamang at si Mang Berto na natanawan niyang naglilinis ng kotse ng ama kanina ang datihan na sa kanilang mga kasambahay.

“Kumain ka na ba? At bakit ba balot na balot ka, eh, ang init-init. Hindi tumuloy ang ulan.” Napailing ito. “Ang panahon talaga ngayon, di na matantiya.”

“Aakyat na muna ako, Ya, magbibihis.” Tumayo siya sa kinauupuan at tinanggal ang shades. “Nasaan ang Daddy?”

“Nasa library kasama ang Doña Alicia. May mga inaayos sila para sa kasal nila bukas,” sagot nito habang naglalabas ng mga sangkap galing sa freezer.

“Sige, Ya, puntahan ko muna.”

2

Tumuloy si Abbie sa library. Natagpuan niya ang ama na nakayuko sa mga papeles sa work table doon. He looked just the same when she last saw him, wearing a pair of walking shorts and plain white t-shirt. Tila kagagaling lang nito sa shower. Pinigilan niya ang sariling takbuhin ito at yakapin. How she missed him. She could almost smell the scent of his expensive cologne just by looking at him.

“Dad,” kuha niya sa atensyon nito. She suppressed her tears.

“Abbie!” gulat nitong tugon. Suddenly, her father’s eyes were filled with surprise and gladness. Inilang hakbang siya nito at niyakap nang mahigpit.

Napapikit siya. She felt at home in his tight embrace.

“Akala ko ay matitiis mo ako.” He was emotional.

She was starting to break down in his arms nang lumitaw ang isang batang-batang babae mula sa likod ng isang bookshelf. She was tall, slim, and very pretty. She got long, straight hair tied neatly in a pony tail.

One look and Abbie knew that the woman didn't like her.

"Wow, this is a pleasant surprise!" bulalas nito na para bang totoo iyon sa loob.

Binitawan siya ng ama at hinarap ang babae.

"Alicia, this is my daughter Abbie. This is Alicia, your soon-to-be mommy." Her dad looked lovingly at the girl.

Abby tried to hide her displeasure.

"So the prodigal daughter came after all." Nakangiti si Alicia, but her eyes were hostile.

"Hello, Alicia. You don't mind me calling you Alicia, do you? I think we're about the same age." Sinabayan iyon ni Abbie ng isang matamis na ngiti.

Nabura ang pilit na friendliness sa mukha nito.

Abbie smiled again at hinarap ang ama. "Look at you, Dad, you're getting younger by the year!" totoo sa loob na pahayag niya.

He was still handsome at the age of fifty-nine with his lean body and unfading appeal.

"Thank your Tita Alicia. She keeps me young." Binigyang-diin nito ang 'Tita'.

“How old are you?” muli niyang baling sa babae.

“Twenty-seven,” nabigla nitong sagot.

Abbie smiled ever so sweetly again. “Right. See you later, Alicia, Dad. Magpapahinga muna ako.” She kissed both his cheeks and left.

Dumerecho siya sa kuwarto niya. Maliban sa mga kurtina at kobre-kama ay walang nagbago roon. There was her big bed with white and pink lace canopy. Her pink-carpeted floor, off-white ceiling and walls na may disensyong maliliit na rosas remained the same. She would admit to being very girly. Nilapitan niya ang malapad na corkboard kung saan nakapaskil ang mga pictures niya at ng mga kaibigan sa iba’t ibang okasyon.

Napako ang tingin niya sa isang larawan kung saan magkasama sila ng matalik niyang kaibigan. Kuha iyon sa paborito niyang lugar sa buong San Isidro. It was the Arevalo’s hidden part of the beach na pag-aari ng best friend niyang si Jenna, who was smiling sweetly in the picture.

“Jenna...” she whispered. The end of their friendship was tragic. Napailing siya. There were just too many sad memories.

“What are you doing here?” Kagigising lang ni André at patungo sana sa kuwadra para umikot sa rancho katulad ng araw-araw niyang ginagawa nang mabungaran ang babae sa front yard.

The sexy girl rolled her eyes bago nagsalita. “I have the right to visit our family property, right?” sarkastiko nitong balik. Nilibot ng paningin nito ang mansion. “Nothing’s changed around here—except the owner, of course,” mapait nitong dagdag.

“Jenna, you know this place is still yours despite the name on the papers,” mahinahon niyang paliwanag.

“Yeah, on the papers, on the streets, and on our transportation equipment. You should get custom stickers for your pencils, too!”

Napabuntong-hininga si André. Ang *Arevalo Farm, Ranch and Resort* ay pag-aari ng unang asawa ng ina ni Jenna, who was also Jenna’s father. Namatay ito nang maliit pa si Jenna at nang teenager na ito ay nagkakilala ang ama niya at ang ina nito. Their respective parents fell in love and got married eventually.

Nalaman ng ama niyang British national na nakasangla na ang buong ari-arian ng mga Arevalo

sa bangko. Binayaran ito ng ama niya pero pinilit ng mommy ni Jenna na ipangalan sa kanilang mga Wyler ang lupa dahil wala raw itong naitulong sa pagtubos.

André thought it hardly mattered, for he and Jenna had equal rights over the land. Siya lang ang namamahala mula nang mag-crash ang eroplanong sinasakyan ng mga magulang nila patungong Europa. Kapag responsable na si Jenna, iiwanan na niya rito ang pamamahala. And he would go back to England para asikasuhin ang mga negosyo niya na kasalukuyang pinamamahalaan ng kapatid ng ama. He didn't know that Jenna was bitter about the change of name.

But that was the least of his problems. Hindi pa niya nahahanap ang matagal na niyang nawawalang ina. Napatiim-bagang siya.

“What’s with the savage look, Dré?” Ginamit nito ang palayaw niya. “Don’t worry, I only came back for a vacation. I heard there’s a wedding going on.”

“The del Tierro wedding,” he said flatly.

“You know them?”

“I’m invited,” he answered blankly, at tumalikod na.

“By who?” habol nito.

“Mr. del Tierro himself. Why?”

Nakita niyang napahinga ito nang maluwig.

“Nothing,” she replied.

“By the way, your best friend has returned,” aniya at tuluyan nang umalis.

“May dumating po kayong package, Señorita,” bungad kay Abbie ng isa sa mga katulong.

“Kanino galing?” tanong niya.

“Wala pong nakalagay, eh.” Iniabot nito sa kanya ang isang kahon.

Kunot-noong inalog niya iyon. Magaan iyon at tila papel lang ang nasa loob. “Sige na, Ason, pakisabi kay Yaya ipaghanda ako ng agahan.”

Tumalima ang katulong at umakyat siya pabalik sa kuwarto. Nagmamadaling binuksan niya ang kahon. Tinakasan ng kulay ang mukha niya nang makita ang manipis na outfit na nasa loob niyon.

It was a two-piece white bikini. May red cross sa dibdib ang bikini top at customized see-through

lace skirt ang pang-ibaba. Mayroon pang nurse's cap na kasama. The clothes were familiar. Napadako ang tingin niya sa card na nasa loob din ng box. Nanginginig ang kamay na kinuha niya iyon at binasa ang nakasulat na mensahe.

I can just imagine Tito Dominer's face when he sees you wearing this stripper getup on his wedding day. But you won't do that, would you? ;)

Miss you!

Jenna

P.S.

I still have the video. :-p

Nagpa-panic na ibinalik niya ang lahat sa kahon at isiniksik iyon sa ilalim ng kanyang kama. Hustong nakatayo siya nang biglang bumukas ang pinto at pumasok ang daddy niya.

“Dad!” gulat niyang sambit.

“You’re flushed, what’s wrong?” kunot-noo nitong tanong.

“N-nothing.” Pinilit niyang itago ang kaba sa dibdib. “Why are you here?”

Bumuntong-hininga ito bago nagsalita. “I want to talk to you about Alicia.” Naupo ito sa gilid ng kama niya.

Tumabi siya rito.

“I know you grew up with different women in this house. And always managed to push them away somehow,” panimula nito.

She sighed. Ginawa niya lang ang mga iyon dahil wala siyang nakitang karapat-dapat para sa daddy niya. She had numerous ways to send those women away and when none of her usual tricks work, she played the rebel kid that she never was.

She confided in Jenna, na nang mga panahong iyon ay nasa state of rebellion din dahil sa problema nito sa pamilya. They were two peas in a pod. First year college sila noon sa nag-iisang private university sa San Isidro. They could have chosen any university, but both of them loved San Isidro they didn’t want to leave. She snapped back to reality.

“Dad, I admit I’ve done countless things to hinder your relationships in the past and I truly am sorry about that.”

“And I’ve always forgiven you, haven’t I?” Niyakap siya nito and she closed her eyes.

“And for that I’m very thankful.”

Inilayo siya nito upang tunghayan ang mukha niya. “Promise me two things, Abbie, and I will be the happiest father alive.”

“Anything, Dad.”

“Try to accept Alicia as family. She really is a nice lady.”

She could not disagree more. But there was no harm in trying. *Trying* being the operative word.

Tumango siya. “And the other one?”

Nagpakawala ang matanda ng malalim na hininga. “Please remain sober. For your own good.”

Matagal nang nakaalis ang ama niya sa kuwartero ngunit tulala pa rin si Abbie. She was never a drug addict or a drunk. Ever. She did drink a lot a number of times before, gulped a couple of ecstasy, and sniffed

a few milligrams of coke. But she was never hooked on those vices. Hindi niya na-control ang biglang pagragasa ng alaala apat na taon na ang nakalilipas...

“Gusto ko ’yung kama namin, nakaharap sa veranda. I want to watch the sunrise in the morning. At alisin mo din ’yung mga lumang paintings doon, nagmumukhang haunted house ang kuwarta. Hoy, naririnig mo ba ako?” untag ni Gloria kay Yaya Lory.

“Y-yes, Ma’am!” Biglang nataranta ang kawawang katulong.

“Would you like her to comb your hair as well?” sarkastikong tanong ni Abbie sa kanina pa pinagmamasdang babae.

“Oh, Abbie Hija! Welcome home. How was school?” Inignora nito ang patutsada niya.

Napansin niya ang suot nitong choker na gawa sa mamahaling perlas at diamante. *“What are you wearing? That’s my mom’s!”*

Kinapa nito ang choker at tila nagulat pa nang mahawakan iyon. *“Oh, this? Well, your mom is long gone, Abbie. It’s about time someone wears this.”*

“You can wear anything but my mom’s jewelry,

Gloria,” matiim ang mga matang saad niya.

“Your dad didn’t mind, Honey.” Unti-unti nang nalulukot ang mukha nito sa pagtitimpi.

“But they aren’t Dad’s, Honey,” gagad niya gamit ang endearment na pinili nito. “They’re mine!”

“Oh, well, I’ll take it off later. When I come back.” Lalagpasan na sana siya nito kung hindi niya ito hinatak pabalik.

Natutop ng yaya niya ang dibdib.

“Take it off,” buong-pagtitimping utos niya.

“In my own time,” Gloria answered with the same intensity.

Walang sabi-sabing hinablot niya ang choker sa leeg nito. The precious stones fell on the floor dahil napatid ang tali.

Nanlaki ang mga mata ni Gloria. “Look what you’ve done!”

Hindi niya napaghandaan ang sunod nitong ginawa. Pinagsasasampal siya nito sa pagkabigla niya. Nakahandusay na siya sa sahig ay tuluy-tuloy pa rin ito sa ginagawa na tila nasapian ng demonyo. Nakita niyang inaawat ito ng yaya niya at ng mga katulong.

She was startled for a while at nang makabawi ay walang pagdadalawang-isip na itinulak ito at sinabunutan.

*“How dare you hurt me! You b*tch! Get out of our house!” she screamed at the top of her lungs.*

“Abigail!” Dumagundong ang galit na tinig ng kanyang ama.

“Daddy! She hurt me first! Sinampal-sampal niya ako. I was only making her take off Mom’s cho—” Isang mataginting na sampal ang dumapo sa pisngi niya bago pa man niya natapos ang sasabihin.

Shock was an understatement. Nakita niyang hinimas-himas nito sa likod ang umiiyak na si Gloria habang nakatingin sa kanya.

“Enough of your stubbornness. Go to your room and you cannot go out until I say so,” anang ama.

“No way!” she cried out and blindly ran out the mansion dahil sa luhang walang tigil sa pagbagsak mula sa kanyang mga mata.

Madilim na pero wala siyang balak umuwi. Nagtatakbo siya kanina palayo sa rancho. Ngayon ay nakaupo siya sa kalsada na hindi na niya alam kung

saang parte ng bayan dahil sa dilim. Panay pa rin ang agos ng luha niya.

“Abbie? Is that you?”

Hindi niya napansin ang isang van na tumigil sa harap niya. Bumaba si Jenna at nilapitan siya.

“Hey, are you okay? Ano’ng nangyari?” tanong nito.

“He hit me,” tila wala sa sariling saad niya.

“What?”

“He hit me because of that woman!” Natuloy sa hagulgol ang impit niyang pag-iyak.

“Shh... it’s okay. You can stay sa bahay tonight if you want.”

“Jenna, I don’t have forever!” tawag dito ng nagmamaneho.

“Where are you going?” tanong niya.

“We’re going to a party! Wanna come with us? You know... drink all your sorrows and stuff.” Kinindatan si Abbie ng lalaking sumagot.

“Shut up, Cholo! I’m not going anymore,” asik ni Jenna rito.

“No,” agap niya. “I want to go with you guys.”

“No, Abbie, that’s not a good idea. Let’s just go home and talk,” payo ni Jenna.

“Please, Jenna, I don’t really want to talk about it. I just want to have fun right now.” Nagmamakaawa ang tinig niya.

Sandaling nag-isip si Jenna. “All right, fine.”

Cholo, Marga, and Dong. Iyon ang mga pangalan ng nasa loob ng sasakyan. Napadpad sila sa isang hindi tapos na building. Nang makapasok sila ay nagulat siya dahil well-furnished ang ground floor nito. Painted in black and red, with bright disco lights and poles in two corners, may mga nagsasayaw na babae roon na halos hubad na.

Pili lang ang mga naroroon—mga kabataang nasa age bracket nila at anak ng mga may-sinasabing tao sa San Isidro. They were served with all kinds of drinks. From wine to brandy, rum to tequila, and gin to vodka.

The air was filled with heavy smoke, pinaghalong usok ng sigarilyo at marijuana. She saw pills on the table, white powder and cigarette foils. Malakas na

tugtog ang pumapailanlang. The place was owned by Anthony Murillo, the governor's son. Ayon kay Jenna ay exclusive ang bar na iyon. No one knew about it but them; young, affluent people.

They partied all night. Abbie drank whatever she was given. She was having wild fun for the first time.

"How did you find this place, Jenna?" namumungay ang matang tanong niya sa kaibigan.

Kasa-shot lang nito ng tequila at sumisipsip ng dayap.

"Anthony, who else?" sagot nito, iniluwa ang mga buto ng prutas. "This is the only place that makes me forget the real world outside. Don't you just love it?" dagdag nito at iniyugyog ang katawan sa musika.

"Oh, I do," nakatawa niyang sagot.

"Then I hope you'd love dancing with me, too," Cholo interrupted. Bigla na lamang itong sumulpot mula kung saan.

"Gotta try it first." Kinindatan niya si Jenna na nakatawang tumango sa kanya.

They danced and got high all night. Cholo was a lot of fun.

“Where have you been, young lady?” bungad ng ama pagpasok niya sa bahay pasado alas cuatro ng umaga.

Wasted, she rolled her eyes. “Like you care where I’ve been.”

“Have you been drinking?” May babala sa tinig nito.

Naudlot ang pag-akyat niya sa hagdan. “Yes, Dad, I’ve been drinking and I’m drunk. So, you’re going to hit me again? Go ahead. It’s the perfect time. My face is numb,” she said intensely.

“No, I am not going to hit you again. But you are going to Manila first thing in the morning whether you like it or not.” Finality was in his tone.

Hindi siya natinag. “Try it, Dad, and you will never see me again.” Tuluyan na siyang umakyat at iniwanan itong natitigilan.

“Get out of my way!” Tinabig niya palayo si Gloria na nasa hagdan kanina pa at nakamasid sa kanila. Narinig niya pa ang buntong-hininga ng ama.

“Let her be for now, Darling. She’s confused,” ani Gloria.

“Confused, my ass,” Abbie muttered.

The one-time night out for her turned into an every night appointment. Just as it was with Jenna. They were both missing classes or intentionally skipping lessons. Nagkamabutihan sila ni Cholo. Every night, Cholo would persuade her to go to bed with him, but she always managed to talk him out of it. Abbie was aware of what she was doing no matter how drunk she got.

“Abbie, look!” humihingal na tawag ni Jenna isang gabing naroon ulit sila sa bar.

“What’s the fuss?” Patuloy pa rin siya sa pagsayaw.

“Strippers’ costume! Come on, let’s put it on,” aya nito.

Tiningnan niya ang kinky clothes na bitbit nito at napahalakhak. “No, Jenna, no way!” Umiling-iling siya.

“Go on, Sweetheart! You’ll definitely look hot,” ani Cholo.

“Yeah. Come on, ninakaw ko pa ’to sa mga pole dancers ni Anthony!” udyok ulit ni Jenna.

“Your friend’s a wimp. Give me that,” sabat ni

Marga at hinablót ang damit.

Sa una pa lang ay halata na ni Abbie ang pagkadisgusto nito sa kanya.

“Get over yourself, Marga, you’ll look like a hag wearing this,” naiiritang tugon ni Jenna. Binawi nito ang costumes.

Itinago ni Abbie ang ngiting naglalaro sa mga labi niya. Jenna had always been brutally frank.

*“The ever so supportive best friend. Totoo ngang you are two of a kind. B*tches, the both of you. And a pair of drunks, too!” Marga faked a chuckle. “What a miserable team,” she taunted.*

*Jenna rolled her eyes as if unaffected. “We’re b*tches, all right. But hot ones for that matter.” Tiningnan nito ang kausap mula ulo hanggang paa. “What about you? Almost a b*tch but not even good enough to be one, and just barely a whore because nobody really fancies you. Guess that makes you nothing, eh?”*

“Touché!” nakatawang pakli ni Cholo.

Natawa na rin siya lalo na nang nanggagalaiting tumakbo si Marga papalayo sa kanila.

Jenna yawned, as if bored. “Shall we?” untag nito sa kanya.

“All right, you’ve convinced me.”

“Can I have your attention please?” Napatingin ang lahat ng naroon sa nagsalita sa mikropono. Si Anthony. “Ladies and gents, to perform an impromptu dance number... our very own, Jenna and Abbie!”

Nagsipulan ang mga lalaki kasabay ng mainit na palakpakan.

Dahil sa nainom ay wala siyang kabang naramdaman. Nasa magkabilang pole sila ni Jenna, sexily dancing along with the loud music. Jenna even had a whip to go with her gorgeous policewoman costume na halos wala nang itago. Abbie was given the nurse’s outfit which was just as daring. Walang itulak-kabigin ang mga manonood.

“That’s my girlfriend!” sigaw ni Cholo, siya ang tinutukoy.

“This one’s mine!” Hinablot ni Anthony ang baywang ni Jenna and kissed her.

“Let’s take a video of her!” pasigaw na suggestion ni Jenna nang makawala sa halik ni Anthony.

Agad na inilabas ni Anthony ang camera cellphone nito at ibinigay sa kasintahan.

“Woo-hoo! That’s my girl!” sigaw ni Jenna habang

kinukuhanan siya.

“Wild night, eh?” Si Jenna. Nakabalik na sila sa table at nakapagbihis na.

“Yeah, that was crazy. Hindi ako makapaniwalang nagawa natin ‘yon.” Unti-unti nang nawawala ang epekto ng kanyang nainom.

“Raid!” narinig nilang sigaw ni Dong.

Nanlaki pareho ang mga mata nilang magkaibigan.

“Shit!” Si Jenna ang unang nakabawi.

Nilingon niya ang mga pulis na nasa entrada na ng bar.

“Abbie!” tawag ni Jenna.

Nakita niyang malapit na ito sa exit, hatak-hatak ni Anthony.

“Run!” Jenna mouthed.

Pero hindi siya makagalaw. Biglang nanigas ang katawan niya sa kaba at pagkalito. Next thing she knew, Cholo was with her at pilit siyang pinapatayo.

“Come on, Abbie, quick!” Nasa mukha nito ang pagkabahala.

“Walang gagalaw!” Pumailanlang ang isang nakabibinging putok.

“I’m sorry, Abbie,” sa gitna ng pagkakatulala ay narinig niyang hirap na paalam ni Cholo. And he ran away.

She was alone, and the police got her.

“Hello? Jenna please,” ani Abbie sa lalaking nakasagot ng tawag niya para kay Jenna

“She’s not around. Who’s calling?” That British accent again.

She ignored the sudden rush of nervousness sa pagkarinig ng boses nito. She felt so torn. Wala pa siyang tulog mula pagkalabas niya ng presinto nang nakaraang gabi.

“Tell her it’s Abbie. And please let her know I’m leaving for Manila today. She’s not answering my calls.”

“Okay. Will do.”

3

Napagdesisyunan ng daddy ni Abbie na ipasok siya sa boarding school sa Manila and for her to finish her studies there. She didn't breathe out a single argument although she was silently cursing Gloria. Para sa kanya, ito ang may kasalanan. If it wasn't for her father's mistress, she wouldn't have been in this mess.

She easily got used to the sudden change of environment sa napiling school ng ama. It was a Catholic boarding school na pinamamahalaan ng mga madre. Everyone was nice, though she knew it was only skin-deep.

Ang importante kay Abbie, walang may lakas ng loob na magpakita ng masama sa kanya. They all appeared to be shy and reserved. Which suited her fine. Wala siyang balak makipagkaibigan doon. She only wanted to finish her course. Until that one night again...

“Abbie!”

Napalingon siya sa pinto ng kuwarto niya sa school

dormitory.

“What are you doing here?” nanlalaki ang mga matang tanong niya kay Jenna. Hindi na tumatanggap ng bisita ang campus paglagpas ng alas seis and it was past ten in the evening.

“To save you from your misery,” nakatawa nitong sagot. “Let’s go,” aya pa nito.

“How did you even get in here?” Hindi pa rin siya makapaniwalang nakapasok ito.

“Money talks, Sweetie,” maikli nitong sagot. “Now, let’s get going.”

“Wait, hindi ako makakaalis. They have inspections here, and if they find out na umalis ako, I’ll be dead. Tatawagan kaagad nila si Daddy.”

Napabuntong-hininga ito. “Fine. I’ll just tell the rest of the gang that our dear Abbie has turned into a saint.”

“What do you mean the rest—”

“Cholo, Marga, and Anthony are outside waiting for us.”

“They’re here?” Biglang napuno ng excitement ang dibdib niya.

Tumango ito and grinned.

“Bottoms up!”

Sabay-sabay nilang nilagok ang laman ng hawak na mug ng beer. They all had ecstasy. And like old times, they were having fun like there was no tomorrow.

“Arrgh! Brain freeze,” reklamo ni Cholo.

They all laughed.

Abbie’s friends had offered their apologies for leaving her sa bar sa San Isidro. She quickly forgave them. It wasn’t their fault. Siya ang natulala. All of them tried to help her then, pero siya ang hindi makagalaw. She was somehow thankful na iniwan siya ng mga ito. Ayaw niyang madamay pa ang mga kaibigan nang dahil sa kanya.

“Where were you that night, Marga?” baling niya rito.

Nakamasid lang ito sa kanila bagaman sumasabay sa pag-inom.

“Nasa labas ako for some fresh air. Nakita ko ang pagdating ng mga pulis and there was no way I could get back in without them noticing me. Kaya lumayo

na lang ako.”

Ipinagkibit-balikat lang niya ang sagot nito.

“Abbie, are you coming with us? We rented a suite nearby.” Si Anthony.

“Yeah, Sweetheart, we could use some catching up,” susog ni Cholo.

“Sure, nasa labas na ako at malamang na sa mga oras na ’to ay natawagan na ng mga madre ang Dad so there’s no use going back there early,” pagsang-ayon niya.

Biglang nag-ring ang cellphone ni Cholo at nag-excuse ito. Di nagtagal ay nasa tabi na niya ulit ito pero lukot ang mukha.

“What’s up?” takang tanong niya.

“My Mom’s at my condo. She wants to see me kasi early morning ang flight niya for Hong Kong bukas.”

Nagkibit-balikat siya. “It’s okay, you can drop by tomorrow pagkaalis ni Tita.”

Dinampian siya nito ng halik at nagmamadali nang umalis.

Tatlo ang kuwarto ng luxury suite na nirentahan ng mga kaibigan. One for Marga, one for Jenna at ang

isa ay para kina Anthony and Cholo.

“Sunod na lang ako,” paalam niya sa mga ito. They were headed to their own rooms. She was sharing a room with Jenna, pero dadaan muna siya sa common bathroom for a quick shower.

Pagpasok niya sa kuwarto nila ni Jenna ay nakatalukbong na ito ng kumot. Walang-anumang tinanggal niya ang tapis na towel and with only her undies ay tumabi siya rito and immediately fell asleep.

“What the hell is this?” Nag-aapoy ang mga mata ni Jenna habang nakatunghay sa kanila ni Anthony sa ibabaw ng kama. Nasa likod nito ang gulat na gulat ding si Marga.

Bigla ang paglingon na ginawa niya sa katabi. Anthony was wearing nothing but undies as well. Kagigising lang nito at tila namamalikmata pa. Mabilis niyang inalala ang nangyari ng nakaraang gabi. She assumed that it was Jenna who was there sleeping kaya hindi na siya nag-abala pa na gisingin ito. At antok na antok na rin siya. Napahinga siya nang maluwang nang ma-realize na walang nagyari sa kanila ni Anthony.

“I’m sorry, Jenna. Nadala lang kami ng kalasingan,”

sagot ng lalaki sa tabi niya.

“What?” sabay na bulalas nila ni Jenna.

Itinulak niya si Anthony. “What the hell are you talking about? Walang nangyari sa atin!” Ngayon, pati siya ay nagdududa sa sarili.

“Come on, Abbie, there’s no point denying it. Nahuli na tayo,” parang bale-wala nitong sagot.

Binalingan niya si Jenna. “Jen, you know me. I will never do this to you. It was an honest mistake, nakatalukbong siya ng kumot and I thought it was you. Nahiga ako sa kama and fell asleep right away. Nothing else happened, I swear!”

Nagpalipat-lipat ang tingin ni Jenna sa kanya at sa nobyo nito. “Get out, both of you,” she said grimly, it was almost a warning.

“No, Jenna, please, listen to me.” Dagli niyang hinagilap ang mga damit, isinuot ang mga iyon, at sinundan si Jenna palabas ng silid. Hinawakan niya ito sa braso. “You have to believe me. I had no idea it was him. I didn’t check and I seriously thought it was you.”

“Bitiwan mo nga siya! She asked you to leave. Hindi ka ba makaintindi?” biglang singit ni Marga.

“Jenna...” she pleaded, ignoring Marga.

“You heard what Marga said. I don’t want to repeat myself.” Tuluyan na siya nitong tinalikuran.

All Abbie could do was leave.

That was the last time she saw Jenna. Abbie tried to contact her best friend to explain again, pero hindi na muling naging available ang cellphone nito. And she could not go home until she finished that semester.

She continued studying, pretended nothing had happened. Nang makauwi siya during sembreak, which was a month after the incident, she was appalled with the news that had spread all over San Isidro. It was rumored that she was pregnant. They said she was a drunk, a whore, mang-aagaw ng boyfriend, and a drug addict.

Everywhere she went, guys would offer her hotel rooms and even money just to sleep with them. Ang iba ay binabawi ang sinasabi, deliberately insulting her, saying they would wait na makapanganak muna siya. It was hell in a beautiful paradise.

Hindi rin nakaligtas ang balita sa daddy niya. It took her two weeks just to convince him that she was not with child.

She was later on sent to rehab, for her so-called addiction. She was exhausted with so many issues that she didn't have the strength to argue. And then she was sent to the States to once again try and finish her studies. If there was one consolation—her dad felt responsible for her actions, and broke it off with Gloria.

The day she left for the States, she promised herself that she would never go back to San Isidro again. She planned to settle abroad.

Until her dad called and requested her to come back home and attend his wedding. Hindi siya nakapagdesisyon agad. She waited until the last moment. She thought the blasted rumors about her had already died a natural death. Apparently, she was wrong.

Katok sa pinto ang nagpabalik sa diwa niya.

“Come in!”

“Señorita, ipinabibigay po ng daddy n’yo.” Iniabot ni Ason ang isang malaking kahong puti. Kunot-noong binuksan niya iyon. Napasinghap siya. It was a golden dress. Very simple, yet so classy. Bagsak ang neckline nito and the length would reach her ankles.

“Yan daw ho ang isusuot n’yo sa kasal. At pinapababa ho kayo ni Señor, sabay-sabay na raw kayong tatlo mag-breakfast.”

Matapos pagsawain ang mga mata sa gown na isusuot niya sa kasal ay bumaba na siya para sumalo sa breakfast.

“Hi again, Dad. Good morning Al—Tita Alicia.” She intended to keep her promise about giving Alicia a chance.

“Good morning, Abbie, it’s nice of you to join us,” ani Alicia na ubod ng tamis ang ngiti.

Breakfast went well. Alicia mentioned that she wanted to have more time to talk with Abbie, pero magiging busy na umano sila for the wedding at four o’clock.

Nakita niya sa garden ang napakaraming white roses, yellow orchids, and ribbons na nakatali sa sanga ng mga punong nakapalibot sa bakuran. Nakahanay na rin ang mga upuan paharap sa ipinasadyang wedding altar. She smiled and sincerely wished for her dad’s happiness.

Kinakabahan na si Abbie. This was the first time

na magpapakita siya sa publiko after the countless, horrible tales about her. Muli niyang tiningnan ang invitation. Siya ang Maid of Honor at ang hindi niya kilalang si André Wyler ang Best Man ng daddy niya.

The golden gown fitted her body perfectly. It was made of silk and it matched her skin beautifully. May golden lace ribbon iyon na maluwag na nakapaikot sa baywang niya and it emphasized her faultless curves. Her hair was tied in an exquisite chignon. Only a tiara was missing for her to complete the princess image.

Lumington-lingon si Abbie. Wala pa rin siyang idea kung sino ang Best Man and it was their turn to walk down the aisle.

“Shall we?”

She inhaled sharply when she heard that wonderfully familiar voice. Tiningala niya ito. Ang lalaking nagligtas sa kanila ni Yan-Yan sa ferryboat. She almost forgot to exhale upon seeing his face.

Gone were the stubbles nang unang makaharap niya ito. His hair was still long, but it was tied neatly over his nape. His eyes looked more blue than gray and his perfect lips were ruddy in a manly way. In a three-piece black suit, the guy could easily pass for a Hollywood actor.

“I appreciate the admiration, but we can’t stand here all afternoon.” And then he smiled.

Saka lang niya napakawalan ang hininga. She ignored his sarcasm. Hinihintay na sila ng mga tao. Nanginginig ang kamay na inabot niya ang braso nito and for a while she thought she was under the influence of ecstasy. She felt beautifully high when his skin’s warmth reached out to her from his clothes. She imagined how much better it could get when they go beyond touching.

She suddenly lost her footing. Kung hindi siya nito naalalayan ay natumba sana siya sa gitna ng aisle.

“Careful, Miss Walking Disaster,” bulong nito.

Nagsipagtayuan ang balahibo niya pagkaramdam ng hininga nito sa kanyang tainga. The feeling abruptly vanished nang marinig niya ang usapan ng mga nasa upuan.

“Lasing ba siya?”

“Di naman mukhang nabuntis. Kailan kaya nanganak?”

“Baka ipinalaglag.”

She tried so hard to contain her anger. The hopes

of erasing the unpleasant stories about her completely faded away. She could die that moment and be very happy about it.

“Bukas makalawa niyan syota na niya ’yang best man,” she heard them again.

Mabilis niyang binawi ang kamay kay André upang sugurin ang mga ito pero pasimpleng kinabig nito ang baywang niya.

“Not here. Pay respect to your father’s wedding. It’s the least you could do,” he gritted through his teeth.

Nang tingalain niya ito, anger was evident on his face. But there was anguish there as well. And she had no idea why. Did he know her? Did he even understand why they were saying those things about her?

She still heard a couple of whispers about her, but she somehow managed to keep her cool. Kung dahil iyon sa galit na ibinabadya ng mukha ni André, hindi niya sigurado.

Mapayapang nairaos ang kasal sa hardin ng mga del Tierro at doon din ginanap ang reception. The newlyweds left shortly after. Papunta ang mga ito sa New York for their honeymoon kaya naiwan sa kanya

ang pag-asikaso sa mga natirang bisita.

Abbie got out of her gown into a pair of comfortable jeans and shirt. Maraming aayusin matapos ang reception and she wouldn't be able to move around with ease kung hindi siya magpapalit. Malayo pa siya sa bakuran nila kung saan idinaos ang kasal ay may nauulinigan na siyang boses.

“Pakibalik iyan sa stockroom. The leftover food are still good. Ibigay natin sa mga trabahador sa rancho.”

The voice was strikingly familiar. Kunot-noong nagmadali siya sa paglakad at hindi siya nagkamali. André, the Best Man, was the one giving orders. Naglakad siya palapit dito.

“What do you think you're doing?” tanong niya nang makalapit.

Sandali lang siya nitong nilingon bago ibinalik ang attention sa mga katulong.

“What does it look like I'm doing?”

“This is my house, baka lang nakakalimutan mo. You don't have any right at all para utusan ang mga tao dito,” pakli niya, thoroughly insulted sa inakto

ng binata.

Hindi siya pinansin nito, sa halip ay naglakad palayo sa kanya at nilapitan si Mang Berto at ang iba pa na kasalukuyang nagtatanggal ng mga decorations na nakasabit sa mga puno.

“Puwede n’yo nang iwanan ang mga bulaklak, pakilinis na lang kapag natuyot na.”

Tiim-bagang na sinundan niya ang lalaki. “Did you hear what I said?”

Iritado at naiiling na hinarap siya nito. “I’d rather be home right now if your father thought na kakayanin mong asikasuhin ang mga ’to.”

Lalo siyang napakunot-noo. “What do you mean?”

“I mean, your father asked me to do him a favor and look after everything here while he’s gone.” Napatiim-bagang ito bago nagpatuloy, “Including his daughter.”

Tila itinulos siya sa kinatatayuan. Nag-iwan ng guardian ang ama para sa kanya? And then it hit Abbie. Her father still didn’t trust her after all. She felt hurt and thoroughly offended. Dalawang linggo lamang mawawala ang ama niya pero heto at may

iniwan pang magbabantay sa kanya. As if she was a little kid na gagawa ng kalokohan habang walang bantay.

Well, what else did she expect? At hindi ba kalokohan talaga ang pinaggagawa niya noon?

She exhaled furiously. “Leave, André. I can handle this.”

Muli, hindi siya nito pinansin. Inabala nito ang sarili sa pagtulong sa pagsasalansan ng mga upuan.

“I said, leave!” she snapped.

Saka pa lamang siya nito muling nilingon, and in a reprimanding tone said, “Aren’t you a little too old to be having tantrums?”

Nag-init man ang tainga sa sinabi nito ay hindi niya iyon ipinahalata.

“Do you want me to call the police? This is my house and I can have anyone evicted kung gugustuhin ko,” she said desperately.

André mockingly looked at her with his bluish-gray eyes and with his lips in a lopsided smirk. Pinagkrus pa nito ang mga braso sa dibdib. Napalunok siya. Panandalian niyang nakalimutan kung gaano ito kaguwapo.

Looking into his eyes, she felt like drowning. His chiseled jaw appeared so smooth without the stubbles she saw there when she first met him. His skin was blemish-free. Ang buhok nito ay bahagya nang nagulo sa pagkakatali. And there were his big, muscled arms na tila kay-sarap damhin. She might have said “wow” kung nasa ibang pagkakataon sila.

“Really, Abbie? You’d go that far?” usisa nito, ang mga mata ay natabunan ng amusement. Impossible or not, he looked even more handsome.

She gulped. “If you won’t leave, I will.”

Mataman siya nitong pinagmasdan, pagkaraa’y nagkibit-balikat. “Go ahead then, call them.”

Natigilan siya sa sinabi nito. “What?”

“I said, call them and have them kick me out of here.” Muli ay tinalikuran na siya nito.

“I’m serious!” habol niya.

“So am I,” sagot nito na hindi siya nilingon.

Tinanggal pa nito ang tali sa buhok at bahagyang sinuklay iyon ng kamay at muling itinali nang maayos. Itinupi nito ang manggas ng long sleeves shirt at binuhat ang mga nasalansan nang upuan.

Naiwan siyang nagmamamarakulyo ang dibdib, bahagyang nagdududa sa authority niya sa sariling pamamahay. André seemed to be so used to being in *their* house. Pati ang mga trabahador na naroon ay halata ang ipinapakitang respeto sa lalaki. Pakiramdam niya ay mas susundin pa ng mga tao sa rancho ang utos nito kaysa sa kanya.

Asar na umalis siya sa garden at nagpasyang magtungo sa kusina. Of course she was not going to call the police. André looked so confident, baka siya pa ang mapahiya.